

## **T: Ngunit ano naman yaong mga tradisyong nagsasabing ilan sa mga bersikulong ipinahayag ay hindi na bahagi ng Qur'an?**

Ang mga Shi'ah ay hindi naniniwala sa kaligtasan ng sinumang manunulat, komentarista, o tagasalaysay mula sa mga pagkakamali, at sa dahilang ito, hindi nila itinuturing ang anumang koleksiyon ng *hadith* bilang ganap na balido at wasto. Ang natatanging aklat na ganap na ligtas sa anumang kamalian ay ang Qur'an. Ang mga tradisyong ito'y kadalasang itinuturing na mahina o pinapakahuluganang tumutukoy sa rebelasyong hindi maka-Qur'an.

- ❑ Nakakawiling ipakitang napakaraming mga tradisyong naiulat sa Sahih al-Bukhari at Sahih Muslim na nagsasabing maraming mga bersikulo ng Qur'an na nawawala. [Al-Bukhari, *Al-Sahih*, tomo 8, p. 208; Muslim, *Al-Sahih*, tomo 3, p. 1317]
- ❑ Hindi lang iyan, yaong mga ulat ng Sunni'y nagsasabing dalawang kabanata mula sa Qur'an ay nawawala, isa rito'y kasinghaba ng Kabanata al-Bara'ah (kabanata 9)!!! [Muslim, *Al-Sahih*, Kitab al-Zakat, tomo 2, p. 726]
- ❑ Ilang mga tradisyong Sunni ay nagsasabi pang ang Kabanata al-Ahzab (kabanata 33) ay kasinghaba ng Kabanata al-Baqarah (kabanata 2)!!! Ang Kabanata al-Baqarah ang pinakamahabang kabanata ng Qur'an. Ang mga tradisyon sa Sahih al-Bukhari at Muslim ay isa-isa pang nagsaysay ng ilang mga nawawalang bersikulo. [Al-Bukhari, *Al-Sahih*, tomo 8, p. 208]

Gayon pa man, sa kabutihang palad ang mga Shi'ah ay hinding-hindi nag-aakusa sa mga kapatid na Sunni na naniniwala na ang Qur'an ay hindi kompleto. Sinasabi naming ang yaong mga ulat ng Sunni ay mahina o di kaya'y kinatha lamang.

### **Konklusyon:**

" Aming paniniwala na ang Qur'an na ipinahayag ng Allah sa Kanyang Propeta Muhammad (s) ay (yaong) nasa pagitan ng dalawang pabalat (*daffatayn*). At yaong nasa kamay ng mga tao, at hindi roon humihigit ang laki nito... **At sinumang may saysay na sinasabi naming ito'y mas malaki (kaysa sa kasalukuyang teksto) ay isang sinungaling.**"

[As-Saduq, *Kitabu'l-'I'tiqadat* (Tehran: 1370 AH) p. 63; Traduksiyong Ingles, *The Shi'ite Creed*, tr. A.A.A. Fyze (Calcutta: 1942) p. 85]

**Para sa karagdagang kaalaman hinggil sa totoong Islam, dumalaw sa:**

**<http://al-islam.org/faq/>**

*Sa katiyakan Kami ang nagpahayag ng Pagunita (Qur'an) at tiyak na Kami ang Katiwala nito.  
(Qur'an: Kabanata 15, Bersikulo 9)*

# **Ang Mga Shi'ah Ba'y Naniniwala sa Kakaibang Qur'an?**

Ang mga Shi'ah ay madalas na inaakusan ng paniniwala sa **Tahrif** sa Qur'an, ang ibig sabihin ay paniniwala ng ang Qur'an ay nabago at hindi katulad ng yaong ipinahayag sa Propeta (s).

## ITO'Y WALANG KATOTOHANAN !!!

Lahat ng mga magiting na pantas na Makalabindalawang Shi'ah magmula pa sa pinakaunang panahon hanggang sa kasalukuyang siglo'y naniniwala sa ganap na pagpapanatili ng Qur'an. Kabilang sa ilang mga tanyag na naunang pantas na Shi'ah na malinaw na inilalahad ang paniniwalang ito sa kanilang mga akda ay sina:

- ❑ Shaykh al-Saduq (y. 381 AH), *Kitabu'l-Itigadat*, (Tehran, 1370) p. 63.
- ❑ Shaykh al-Mufid (y. 413 AH), *Awa'idu l-Maqalat*, pp. 55-6;
- ❑ Sharif al-Murtada (y. 436 AH), *Bakru l-Fawa'id* (Tehran, 1314) p. 69;
- ❑ Shaykh at-Tusi (y. 460 AH), *Tafsir at-Tibyan*, (Najaf, 1376), tomo 1, p. 3;
- ❑ Shaykh at-Tabrasi (y. 548), *Majma'u l-Bayan*, (Lebanon), tomo 1, p. 15.

Kabilang sa ilang mga sumunod na pantas na nagpahayag ng parehong mga pananaw ay sina:

- ❑ Muhammad Muhsin al-Fayd al-Kashani (d. 1019 AH), *Al-Wafi*, tomo 1, pp. 273-4, and *al-'Asfa fi Tafsir al-Zur'an*, p. 348;
- ❑ Muhammad Baqir al-Majlisi (d. 1111 AH), *Bihar al-'Anwar*, tomo 89, p. 75

Ang paniniwalang ito'y walang humpay na nanatili hanggang sa kasalukuyan. Kabilang sa mga pantas na Shi'ah ng siglong ito na muling naglahad ng paniniwala na ang Qur'an ay ganap na nanatili at walang ipinagbago ay ang mga bantog na pangalang Sayyid Muhsin al-Amin al-'Amili (y. 1371 AH); Sayyid Sharaf al-Din al-Musawi (y. 1377 AH); Shaykh Muhammad Husayn Kashif al-Ghita' (y. 1373 AH); Sayyid Muhsin al-Hakim (y. 1390 AH); 'Allamah al-Tabataba'i (y. 1402 AH); Sayyid Ruhullah al-Khumayni (d. 1409 AH); Sayyid Abu al-Qasim al-Khu'i (y. 1413 AH); at Sayyid Muhammad Rida al-Gulpaygani (y. 1414 AH).

**Siyempre, hindi ito ang talaang ganap.**

**T: Ngunit hinggil sa mga Shi'ah na nauna sa mga pantas na ito, lahat ba sila'y hindi naniniwala sa *tahrif*?**

Talagang hindi! Halimbawa ay si '**Ubaydullah b. Musa al-'Absi** (120-213 AH), isang matapat na pantas na Shi'ah na ang mga salaysay nito mula sa mga Imam ay matatagpuan sa mga koleksiyong tanyag ng Shi'ah Hadith tulad ng *Al-Tahdhib* at *al-Istisbar*. Ngayon ating susuriin kung ano ang sinasabi ng ilang sa mga pantas na Sunni hinggil sa kanya:

- ❑ "...isang piyadosong tao, isa sa mga mahalagang pantas na Shi'ah... itinuring na mapagkatiwalaan ni Yahya b. Ma'in, si Abu Hatim ay nagsabing siya'y kapanipaniwala, mapagkatiwalaan...si al-'Ijli an nagsabi na siya'y awtoridad sa Qur'an..."  
[Al-Dhahabi, *Tadhkirat al-Huffaz* (Haydarabad, 1333 AH), tomo 1, p. 322]
- ❑ "...siya'y imam sa fiqh, hadith, at Qur'an na kilala sa kabanalan at pagkamakatwiran ngunit isa siya sa mga pinuno ng mga Shi'ah."

[Ibn al-'Imad al-Hanbali, *Shadharat al-Dhahab* (Cairo, 1350 AH), tomo 2, p. 29]

**Walang sinuman sa yaong mga pantas na Sunni ang pumuri sa kanya dahil sa kanyang alam sa Qur'an kung inakala nilang siya'y naniniwala sa kakaibang Qur'an !!!**

At si 'Ubaydullah ay itinuring na higit na mapagkatiwaan bagama't isang Shi'ah sa paraang ang mga bantog na tradisyonistang Sunni na sina al-Bukhari at Muslim at marami pang iba ay nagsalaysay ng dalawampung mga tradisyon mula sa kanya sa kanilang mga koleksiyon ng hadith!

[*The Creed of the Imaam of Hadeeth al-Bukhari* (Salafi Publications, UK, 1997), pp. 87-89]

**T: Ang mga Shi'ah ba'y hindi naniniwala sa *Mushaf Fatimah* na tatlong beses ang laki sa Qur'an?**

Ang Qur'an ay isang *Mushaf* (aklat), pero anumang aklat ay hindi nangangahulugang Qur'an! Walang Qur'an ang Fatimah! Ang *Mushaf Fatimah* ay isang aklat na isinulat o idinikta ng Fatimah (a) paglipas ng Propeta (s). Ito'y hindi bahagi ng Qur'an at walang kinalaman sa mga kautusan ng Allah o sa mga kapasiyahang pambatas.

**T: Pero wala bang mga tradisyon sa mga koleksiyong Shi'ah na tumutukoy sa mga bersikulo ng Qur'an na naglalaman ng mga karagdagang salita mula sa kasalukuyang nasa atin?**

May ilang mga pagkakataon kung kailan mga karagdagang salita'y ipinapahiwatig bilang paliwanag lamang, at hindi nagpapahiwatig na ang orihinal na Qur'an ay pinilipit. Ito'y kapwa nangyayari sa mga pinagkukunang akdang Shi'ah at Sunni. Suriin ang mga sumusunod na dalawang halimbawa, kapwa mula sa tanyag na mga komentaryong Sunni ng Qur'an:

- ❑ "Laging binabasa ni Ubayy b. Ka'b '... kaya sa kanila na inyong pinapakinabangan sa *takdang panahon*, inyong ibigay ang mga doteng itinakda...' (Qur'an, Kabanata 4, Bersikulo 24) at ganito rin ang pagbasa ni Ibn 'Abbas."

[Fakhr al-Din al-Razi, *Mafatih al-Ghayb* (Beirut, 1981), tomo 9, p. 53]

[Ibn Kathir, *Tafsir al-Zur'an al-'Azim* (Beirut, 1987), tomo 2, p. 244]

Isang talababa sa *Tafsir* ni Ibn Kathir ay nagpapaliwanag na ang mga karagdagang salitang ipinahiwatig sa itaas, na hindi bahagi ng Qur'an, ay binabasa ng mga Kasamahan ng Propeta (s) bilang *tafsir* at paliwanag lamang.

- ❑ " Si Ibn Mas'ud ay nagsasabi: Sa panahon ng Propeta (s) binabasa naming, 'O Aming Sugo (Muhammad) bigkasin ang anumang ipinahayag sa iyo ng iyong Panginoon na si '*Ali ang puno ng mga naniniwala; kundi, hindi mo naipahayag ang Kanyang mensahe*.'" (Qur'an, Kabanata 5, Bersikulo 67)  
[Jalal al-Din al-Suyuti, *Durr al-Manthur*, tomo 2, p. 298]

Sa halimbawa ring ito, ang bahaging naka-italika ay tiyak na hindi bahagi ng tekstong Qur'an, subalit ang Kasamahang si Ibn Mas'ud ay bumabasa nito bilang paliwanag sa kawawaan ng paghayag nito.